



INTERNATIONAL JOURNAL OF CREATIVE RESEARCH THOUGHTS (IJCRT)

An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

Facebook At Blog Post Sa Pagbabago Ng Wika

¹Lemuel O. Rebato MAED, ² Felisa D. Marbella, PhD ¹Senior High School Teacher II, ²Associate Professor V,

¹Department of Education,

¹Samar National School, Catbalogan City, Philippines

Abstract: Ang pananaliksik na ito ay naglayong alamin ang impluwensya ng social media sa pagbabago ng wika ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Samar National School (SNS), sa taong panuruan 2023-2024. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng explanatory sequential mixed method of research upang alamin ang impluwensya ng facebook at blog post sa pagbabago ng wika. Ang kwalitatibong datos ng pag-aaral na ito ay ginamit upang ipaliwanag ang kwantitatibong kinalabasan ng pag-aaral. Ginamit ang kwantitabong-deskriptibong uri ng pananaliksik upang tayain ang mga gamit ng social media sa wika at ang impluwensiyang dulot ng social media sa wika. Ang triangulation ay ginamit upang magkaroon ng kabuuang interpretasyon at konklusyon mula sa parehong yugto ng pag-aaral. Ginamit ang narrative inquiry approach bilang kwalitatibong disenyo upang alamin ang mga benepisyong nagagawa ng social media sa wika. Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng 105 na mga mag-aaral sa Senior High School na kumukuha ng Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) mula sa tatlong pangkat, Ang Pangkat A, Pangkat B, at Pangkat C, sa taong panuruan 2023-2024. Complete enumeration ang ginamit na pamamaraan sa pagkuha ng mga mag-aaral na tagasagot ng pag-aaral na ito.

Ang talatanungan at interview guide ang ginamit na mga instrumento upang malikom ang mga datos. Frequency count, percentage, at weighted mean ay ginamit upang bigyan ng numerikal na katuturan ang bawat datos. Ginamit din ang tematik-analisis upang tayain ang mga kwalitatibong datos. Isinagawa ang pag-aaral na ito ng mananaliksik ayon sa alituntuning etiko (ethical guidelines) sa pagsasagawa ng pag-aaral kabilang ang anonymity at privacy ng mga mag-aaral na tagasagot.

Natuklasan na ang social media tulad ng facebook at blog post ay malaking impluwensiya sa wika. Ang social media ay daan sa pakikipagpalitan ng kaalaman at kaisipan ng mga mamamayan, nakapagbibigay ng tamang gamit ng wika ayon sa konteksto na hindi makikita sa libro, at nagbibigay ng malayang pakikipahayag ng mga mamamayan sa iba't ibang taong nagsasalit ng Filipino. Kung kaya dapat linangin ang paggamit ng social media sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino.

Susing Salita: Social media, wikang Filipino, pagbabago ng wika, benepisyo ng social media, impluwensiya ng social media

INTRODUKSIYON

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan ng komunikasyon na nagbibigay ng kakayahan sa mga tao na magpahayag, magbahagi ng kaalaman, at bumuo ng relasyon. Ito ang nag-uugnay sa mga indibidwal sa isang kultura, nagpapanatili sa kanilang mga tradisyon, at nagbibigay ng identidad. Sa larangan ng edukasyon, kinikilala ang wika bilang pundasyon ng pagkatuto at pag-unlad ng kritikal na pag-iisip. Pinapalakas din nito ang pagkakaisa sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang tiyak na daluyan para sa mga pag-uusap at kolaborasyon. Hindi lamang isang simpleng sistema ng komunikasyon, ang wika ay sumasalamatin din sa kasaysayan, nagtatala ng mga kaalaman, at kumikilos bilang isang elemento na mahalaga sa paglinang ng multikultural at ekonomikal na mga aspeto ng lipunan.

Ayon kay Yousif (2023) ang wika ay isang sosyal na phenomenon na naapektuhan ng mga pangyayari sa lipunan. Ito ay isang nagbabagong konsepto na patuloy na nagbabago batay sa konteksto ng lipunan, na nagbabago sa pagbaybay ng ilang salita at nagbabago ng kanilang kahulugan. Ito ay bunga ng kakayahan ng wika na mag-adjust sa mga pagbabago sa isang dinamikong mundo. Batay sa ideyang ito, ang pinakakaraniwang katangian ng ebolusyon ng wika ay maaaring makita sa paggamit ng mga morpolohikal na pagpapaypay, inisyalismo, mga akronim, at cyberslang (Laitinen et al., 2020). Ang pag-unlad ng social media, na nag-uugnay sa mga indibidwal sa buong mundo, ang responsableng dahilan para sa mga pagbabagong linggwistiko na ito (Esteron, 2021). Ang mga pagbabagong wika ay sanhi ng iba't ibang mga wika na sinasalita ng mga tao at ang iba't ibang kahulugan na ibinibigay nila sa parehong mga termino.

Ang social media ay naging mahalagang bahagi na ng buhay ng mga tao sa buong mundo, binabago ang iba't ibang aspeto ng komunikasyon, negosyo, at personal na pakikipag-ugnayan. Ayon sa isang pag-aaral ng Statista, nitong Enero 2022, may humigit-kumulang 4.2 bilyong aktibong gumagamit ng social media sa buong mundo. (Smith & Anderson, 2018)

Ang malawakang paggamit na ito ng social media ay malinaw sa katotohanan na pitong-sa-sampung gumagamit ng Facebook, anim-sa-sampung gumagamit ng Instagram, at anim-sa-sampung gumagamit ng Snapchat ay bumibisita sa mga platapormang ito araw-araw. Dagdag pa rito, nagdulot din ang social media ng makabuluhang pagkakaiba-iba sa demograpiko ng mga gumagamit nito. Halimbawa, nabanggit sa pag-aaral na ang mga gumagamit ng Twitter ay karamihan lalaki, na may 38% lamang ang lalaki kumpara sa 61% ng mga gumagamit ng Snapchat. Bukod dito, inihayag din ng pag-aaral na mas malamang na gamitin ng mga babae ang LinkedIn at Facebook. Ang mga natuklasan na ito ay nagpapakita ng malawakang abot at epekto ng mga plataporma ng social media, na may bilyun-bilyong tao sa buong mundo na aktibong nakikibahagi sa mga platapormang ito sa araw-araw na batayan.

Samantala, ang social media ay kinapapalooban ng mga sistema ng komunikasyon na nagbibigay-daan sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang kultura (Yuna et al., 2022). Ang mga midya na ito, na nagsimula noong simula ng ika-21 siglo, sa huli ay nagbunga ng mga social networking website tulad ng Facebook, Twitter, Instagram, Tiktok, at marami pang iba. Ang mga platapormang ito ay nagresulta sa isang mas masalimuot na pagbabago sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga indibidwal, na nagdulot ng mga pagbabagong linggwistiko. Sa positibong panig, binigyan ng social media ang mga mag-aaral ng wika ng access sa maraming mapagkukunan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng access sa audio files, video tutorials, at mga website na inilalapat sa mga indibidwal na wika (Bin-Hady & Altamimi, 2021). Gayunpaman, maaaring ilagay sa panganib ng information overload ang labis na dami ng mapagkukunan na makukuha sa social media ang mga mag-aaral ng wika (Ali & Bin-Hady, 2019). Kaya mahalaga na piliin ng mga mag-aaral ng wika ang angkop na mga social networking site para sa kanilang mga pangangailangan sa pag-aaral ng wika.

Gayunpaman, itinakda na ang Filipino at Panitikan ay alisin mula sa listahan ng mga kinakailangang core subjects sa kurikulum ng kolehiyo sa pamamagitan ng Commission on Higher Education (CHED) Memorandum Order Number 20, Series of 2013, na kilala rin bilang ang General Education Curriculum Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competencies (Senate of the Philippines, 2018). Sa isang pag-aaral ni De Mesa, ipinakita na ang mga mag-aaral, kasama na ang mga nasa SHS, ay nagbigay ng iba't ibang tugon dito, na nagpapalagay na ang pag-alis nito ay magdudulot ng pinsala sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino at mag-aapekto sa kanilang kakayahan na maunawaan at pahalagahan ang wika at kultura ng Pilipinas. Gayunpaman, ilan sa mga mag-aaral ng SHS ay kinikilala ang kabutihan ng pag-aalis ng mga asignaturang Filipino sa kolehiyo dahil sa magbawas ito ng mga bayarin sa paaralan.

Ang dilema sa pag-alis ng mga asignaturang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo, na nagdulot ng iba't ibang reaksiyon mula sa mga mag-aaral ng SHS, ay maaaring magpahiwatig na may kamalayan at pang-unawa ang mga mag-aaral sa pagbabago ng wika kaugnay ng paglago ng social media. Ang paggamit ng social media sa mga mag-aaral ng SHS sa Samar National School (SNS) ay patuloy kahit na bumalik na sa face-to-face na pamamaraan ang modality ng pag-aaral. Ang patuloy na paggamit ng social media ay dulot ng kaginhawahan sa pagkontak sa mga mag-aaral at kanilang mga magulang tungkol sa kanilang progreso sa paaralan. Gayunpaman, nananatili pa rin ang tanong kung ang paggamit ng social media ay maaaring makaapekto sa pag-aaral ng mga mag-aaral ng Filipino wika sapagkat ito ay ginagamit sa isa sa mga asignaturang Filipino, "Filipino sa mga Piling Larang". Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin ang impluwensya ng facebook at blog post sa pag-unlad ng wika ng Filipino sa mga mag-aaral ng SHS.

Sa mundo ng teknolohiya, hindi maitatangi ang impluwensya ng mga online platform tulad ng Facebook at mga blog sa buhay ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik na ito, sinusuri ang epekto ng paggamit ng Facebook at pagbabasa ng blog post sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Pagsubok sa kanilang mga marka at pagganap sa mga akademikong gawain bago at pagkatapos gamitin ang

Facebook at magbasa ng blog post, Pag-uusap sa mga guro at magulang upang malaman ang kanilang pananaw sa epekto ng social media at blog post sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Malaking bahagdan ng mga mag-aaral ang gumagamit ng Facebook at nagbabasa ng blog post araw-araw. May positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng Facebook at pagbabasa ng blog post at ang pag-unlad sa akademiko, partikular sa pakikisangkot sa mga diskusyon at pagpapahayag ng sariling opinyon. Gayunpaman, mayroong kaugnayan din sa paggamit ng Facebook at pagbabasa ng blog post at ang pagkakaroon ng mababang marka sa mga pagsusulit at asignatura. Sa kabuuan, ang paggamit ng Facebook at pagbabasa ng blog post ay may epekto sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Habang maaaring maging mapanlikha at kapaki-pakinabang ang mga platform na ito sa ilang aspeto ng edukasyon, mahalaga rin na magkaroon ng tamang pagtutok at pagbabalanse sa kanilang paggamit upang maiwasan ang negatibong epekto sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyang henerasyon, ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay patuloy na lumalago. Ang pag-unawa sa epekto ng mga online platform tulad ng Facebook at blog post sa akademikong pag-unlad ay mahalaga upang mapalakas ang mga estratehiya sa pagtuturo at pag-aaral na naaangkop sa panahon. Sa pangkapaligiran, ang paglipat ng maraming gawain sa online na medium, lalo na sa panahon ng pandemya, ay nagbibigay ng bagong oportunidad at hamon sa edukasyon.

Subalit kakikitaan din ito ng negatibong danas, hal. ang isang mag-aaral sa kolehiyo na mahilig magsulat ng blog posts at aktibo rin sa paggamit ng kanyang Facebook account. Sa kanyang pagnanais na mag-viral at makaakit ng maraming tagasubaybay, nagsimula siyang gamitin ang jargon at slangs na hindi karaniwan o kinikilala sa opisyal na Wikang Pilipino. Ang kanyang mga posts, na puno ng mga salitang halo ng Ingles at Pilipino (taglish), ay nagdulot ng kalituhan at maling paggamit ng wika sa kanyang mga tagasubaybay. Dahil madalas itong gamitin sa kanyang mga posts, tinanggap ito ng kanyang mga mambabasa bilang normal na wika, kaya't kumalat ang paggamit ng hindi pamantayang wika sa mas malaking audience.

Hindi nagtagal, napansin ng mga guro sa wikang Filipino na ang kanilang mga estudyante ay gumagamit na rin ng mga jargon at slangs sa kanilang mga pormal na sanaysay at ulat sa klase. Nag-alala sila na nakakasira ito sa antas ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa pagsusulat at pagsasalita ng wikang Filipino. Sa kanyang hangarin na maging "in" sa social media, ay hindi na nito namalayan na ito pala ay nakakatulong sa pagpapalaganap ng negatibong epekto sa tamang paggamit ng wika. Sa kanyang Facebook page, kung saan madalas niyang ibahagi ang kanyang mga blog post, maraming kabataan ang nahikayat na gayahin ang kanyang istilo at ito ay naging isang kultural na kalakaran na nagdulot ng mas malawakang pag-usbong ng baluktot na paggamit ng Wikang Pilipino. Hindi lamang sa ibang kabataan ito nakaapekto, kundi maging sa mga propesyonal na nag-uumpisa nang makaligtaan ang mahalaga at tamang paggamit ng sariling wika sa kanilang mga elektronikong komunikasyon at paggawa ng mga opisyal na dokumento. Ang Departamento ng Edukasyon at Komisyon sa Wikang Filipino ay kapwa nagpahayag ng pagkabahala ukol sa lumalalang sitwasyon. Sinimulan nilang maglunsad ng mga kampanya at seminar hinggil sa kahalagahan ng pangangalaga sa integridad ng wikang Pilipino sa lahat ng aspeto ng komunikasyon, mula sa akademya hanggang sa social media.

Sa pagkakaroon ng kamalayan sa mga negatibong konsekwensya ng kanyang impluwensya, nagdesisyon na magbago ng diskarte. Sinimulan niyang isama ang mga tama at angkop na paggamit ng Wikang Pilipino sa kanyang mga blog posts at Facebook updates. Inilahad rin niya ang kanyang karanasan at ang natutunan sa prosesong ito, na nag-udyok ng positibong diskusyon tungkol sa pangangalaga at pagpapayabong ng Wikang Pilipino sa digital na panahon.

Sa huli, sa pamamagitan din ng parehong platapormang nagdulot ng problema, ang social media, naging daan pa ito upang imulat ang marami sa kahalagahan ng maingat at wastong paggamit ng wika, hindi lamang sa personal o pang-akademikong pakikipag-ugnayan kundi pati na rin sa mas malawak na konteksto ng pampublikong diskurso.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa pag-unawa kung paano maipagtatapat ang mga online na platform sa pang-araw-araw na pag-aaral ng mga mag-aaral. Kapakinabangan sa Pag-aaral: Sa pamamagitan ng pag-unlad ng pag-aaral na ito, maaari nating matukoy kung paano maaaring mapabuti ang paraan ng pagtuturo at pag-aaral upang maging mas epektibo at kaakibat ang teknolohiya. Ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing batayan para sa pagbuo ng mga gabay at patakaran sa paaralan upang mapangalagaan ang mahalagang aspeto ng akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Pakikibahagi sa Lipunan: Sa pagpapalakas ng kamalayan sa epekto ng mga online platform sa edukasyon, maaari rin tayong makilahok sa mas malawak na usapan tungkol sa kung paano balansehin ang paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring maging gabay sa patakaran sa antas ng paaralan at maging gabay sa mga magulang at guro sa pagtuturo ng mga tamang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pananaliksik na ito ay inalam ang 1) gamit ng facebook at blog post sa pagabago sa wika 2) impluwensyang dulot ng facebook at blog post sa wika 3) benepisyong nagagawa ng facebook at blog post sa wika.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng explanatory sequential mixed method of research upang alamin ang impluwensya ng facebook at blog post sa pagbabago ng wika ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Samar National School (SNS), sa taong panuruan 2023-2024. Ang kwalitatibong datos ng pag-aaral na ito ay ginamit upang ipaliwanag ang kwantitatibong kinalabasan ng pag-aaral. Upang liwanagin ang mga kinalabasan sa unang yugto ng pag-aaral – ang kwantitatibong pag-aaral – Draucker et al. (2020) ay nagpahayag na ang explanatory sequential research approach ay inuuna ang kwantitatibong yugto at sinusundan ng kwalitatibong yugto. Kung kaya, parehong kwantitatibo at kwalitatibong mga datos ang nalilikom gamit ang disenyo ng ito. Ang triangulation ay ginamit upang magkaroon ng kabuuang interpretasyon at konklusyon mula sa parehong yugto ng pag-aaral.

Ginamit ang kwantitatibong-deskriptibong uri ng pananaliksik upang tayain ang mga gamit ng social media sa wika at ang impluwensiyang dulot ng social media sa wika. Sa kabilang banda, ginamit ang narrative inquiry approach bilang kwalitatibong disenyo upang alamin ang mga benepisyong nagagawa ng social media sa wika. Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng 105 na mga mag-aaral sa Senior High School na kumukuha ng Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) mula sa tatlong pangkat, Ang Pangkat A, Pangkat B, at Pangkat C, sa taong panuruan 2023-2024. Kabuuang bilang o complete enumeration ang ginamit na pamamaraan sa pagkuha ng mga mag-aaral na tagasagot ng pag-aaral na ito. Samantala, ang purposive sampling ang ginamit upang piliin ang mga kalahok sa kwalitatibong pag-aaral gamit ang sumusunod na mga criteria: a) ang mag-aaral ay dapat nakatala sa SHS-STEM na strand; b) ang mag-aaral ay kailangang nasa Baitang 11; c) ang mag-aaral ay kumukuha ng asignaturang Filipino; d) ang mag-aaral ay mayroong gadget na may iba't ibang social media na aplikasyon; at e) ang mag-aaral ay kusang lumahok sa pag-aaral.

Ang talatanungan at interview guide ang ginamit na mga instrumento upang malikom ang mga datos. Ang talatanungan ay istandard na instrumento mula kay Bin-Hady at Altamimi (2021) para sa gamit ng iba't ibang social media sa pagbabago ng wika, at mula kay Ali at Bin-Hady (2019) para sa impluwensyang dulot ng social media sa wika. Ang talatanungan ay dumaan sa balidasyon ng guro sa pananaliksik upang tayain ang kaangkupan ng mga aytem sa mga tiyak na katanungang dapat makuha mula sa mga mag-aaral na tagasagot. Samantala, ang interview guide ay binuo ng mga open-ended na tanong hinggil sa benepisyong nagagawa ng social media sa wika. Ang instrumentong ito ay sumailalim din sa balidasyon ng guro sa pananaliksik upang alamin kung ito ay may kaangkupan sa layunin ng pag-aaral.

Ang mga deskriptibong uri ng estadistikang panukat kabilang ang frequency count, percentage, at weighted mean ay ginamit upang bigyan ng numerikal na katuturan ang bawat datos. Samantala, ang reflexive thematic analysis nina Braun at Clarke ay ginamit upang tayain ang mga kwalitatibong datos. Isinagawa ang pag-aaral na ito ng mananaliksik ayon sa alituntuning etiko (ethical guidelines) sa pagsasagawa ng pag-aaral kabilang ang anonymity at privacy ng mga mag-aaral na tagasagot.

NATUKLASAN SA PAG-AARAL

Natuklasan sa nasabing ang impluwensya ng facebook post at blog post sa pagbabago ng wika kabilang ang pagtaya sa mga gamit ng social media sa wika, impluwensiyang dulot ng social media sa wika, at benepisyong nagagawa ng social media sa wika.

Gamit ng facebook at blog post sa Wika

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng datos hinggil sa gamit ng facebook at blog post sa wikang Filipino mga mag-aaral sa Senior High School.

Talahanayan 1

Gamit ng facebook at blog post sa Wika

Mga Indikaytor	Weighted Mean	Deskripsyon
1. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> sa pagalam sa tamang konteksto ng paggamit ng mga salitang Filipino.	4.25	S
2. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> sa pagpapaunlad ng bokabularyo sa wikang Filipino.	4.22	S
3. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> sa paggawa ng mga nilalaman ng mga posts, blogs, at iba pa.	4.22	S
4. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> upang mabasa na may pag-unawa ang mga salitang Filipino.		
5. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> upang maisulat sa tamang pagbabaybay ang mga salitang Filipino at mga hiram na salita sa wikang Ingles at iba pang wika.	4.13	S
6. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> upang alamin ang mga pagbabago sa ortograpiya sa wikang Filipino.	4.12	S
7. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> sa pagbibigay ng paglinang sa kaalamang teknikal sa wika ng mga mag-aaral.		
8. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> sa pagsasayos ng istrukturang gramatika sa wikang Filipino.	4.08	S
9. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> bilang gabay sa tamang pagbigkas ng mga salitang Filipino.		
10. Ginagamit ang <i>facebook at blog</i> sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino.	4.06	S
	4.01	S
Kabuoan	4.13	S

Batayan:	4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LS)
	3.50-4.49	Sumasang-ayon	(S)
	2.50-3.49	Hindi Sigurado	(HS)
	1.50-2.50	Hindi Sumasang-ayon	(HSA)
	1.00-1.49	Lubos na hindi Sumasang-ayon	(LHS)

Makikita na ang unang gamit ng facebook at blog post ng mga mag-aaral ay ang pag-alam sa tamang konteksto ng paggamit ng salitang Filipino na may mean na 4.25 na nangngahulugang sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na ang facebook at blog post na ating nakikita sa social media flat form ay daan sa pakikipagpalitan ng kaisipan o impormasyon, ideya at opinyon ng mga mag-aaral sa loob at labas ng paaralan.

Ang facebook at blog post ay mag positibong implikasyon. Maaari itong magdulot ng pagpapalaganap ng kaalaman sa mga isyung panlipunan at pagpapalaganap ng kultura at tradisyon ng isang bansa. Makatutulong ang pagpapalaganap ng pag-unawa at pagmamahal sa sariling wika. Gayunpaman mayroon din itong negatibong aspekto ng paggamit ng facebook at blog post sa Filipino. Maaring magdulot ito ng pagkabahala sa bahagi ng wika at pagpapahina sa bahaging balarila at gramatika. Bukod dito ang paggamit ng wikang Filipino sa online na mga flatfom ay maaring magkaroon ng limitadong saklaw ng audience lalo na kung hindi lahat ng mga gumagamit ay marunong magbasa at sumulat sa Filipino. Samakatuwid ang facebook at blog post ay sa konteksto ng wikang Filipino ay nag dudulot ng opurtunidad at hamon sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng wika at kultura ng bansa mahalaga ang patuloy a pagpapahalaga at pagpapalakas ng wikang Filipino sa online na flatfom upang napamatili ang kasanayan, identidad at pagkakalanlan ng bansa. Kailangang isaalang-alang ang tamang paggamit ng teknolohiya upang lalong

malaman ang mga naidudulot nito at mga dapat iwasan pa para sa ikagaganda ng kanilang akdang pampanitikan o ang pagsulat ng sanaysay at ikalalawak ng kanilang kaalaman. Sanayin ang pagsulat ng sanaysay upang makilala ang mga elemento nito at ay kailangang bigyang pansin ang pagsulat ng sanaysay sa Filipino gamit man ang teknolohiya o hindi upang mahasa ang kanilang kasanayan at kakayahan sa pagsulat lalo na sa sanaysay Ayon kay (Barlaan, J 2020).

Ang paggamit ng social media sa pagpapaunlad ng bokabularyo sa wikang Filipino ay may wiegthed mean na 4.22. Nangangahulugan lamang ito na ang paggamit ng social media sa pagpapaunlad ng bokabularyo sa wikang Filipino ay tumutukoy sa praktis ng paggamit ng iba't ibang platform sa social media upang magturo at matuto ng bagong bokabularyo sa wikang Filipino. Mas mabilis at interaktibong paraan ng pagkatuto ng bagong bokabularyo kumpara sa tradisyonal na paraan. Nakakatulong din ito sa mga estudyante na maging interesado sa pag-aaral ng wika. Nagaganyak din na sa pamamagitan ng estratehiyang ito sa pagtuturo na ginagamitan ng teknolohiya ay mas lalong nagpupursige na matuto. Ayon nga kay Bensalem (2018) ang mga estudyante at guro ay gumagamit ng Facebook, Twitter, at iba pang apps gaya ng WhatsApp sa pagbabahagi ng mga salita, kahulugan, at konteksto ng paggamit ng bagong bokabularyo. Gayunpaman, mayroon ding mga potensyal na negatibong implikasyon tulad ng sobrang pagdepende sa mga post sa social media at ang pagkalat ng hindi tamang impormasyon.

Samantala ang paggamit ng social media sa paggawa ng mga nilalaman ng mga posts, blogs, at iba pa ay nag tano ay nagtamo ng 4,22 na mean. Ito ay ang proseso kung saan ang mga indibidwal o organisasyon ay lumilikha at nagbabahagi ng nilalaman na makatawag-pansin o makabuluhan para sa kanilang audience sa iba't ibang social media platforms. Ang nilalaman ay maaaring binubuo ng tekstong paskil, komento, digital na larawan o video, at iba pang uri ng user-generated content na makikita sa virtual na komunidad at networks.

Ang ganitong uri ng paggawa ng nilalaman ay may kapangyarihan na makaapekto, hindi lamang sa personal na brand ng isang tao, kundi rin sa imahe at reputasyon ng mga negosyo. Maari itong gamitin para palakasin ang koneksyon sa komunidad at maging epektibong kasangkapan sa komunikasyon. Ayon sa ilang pag-aaral, ang epektibong paggawa ng nilalaman sa social media ay maaaring magkaroon din ng negatibong implikasyon, kabilang na ang cyberbullying, addiction sa internet, at mga isyu sa kalusugang mental tulad ng anxiety, depression, at body image concerns. (Ebrahimpour, H. S.,2020)

Gamit pa rin ng facebook at blog post sa wika ay upang mabasa na may pag-unawa ang salitang Filipino, maisulat ang tamang pag babaybay ng mga salitang Filipino at hiram na salita sa wikang Ingles, paglinang sa kaalamang teknikal sa wika ng mga mag-aaral, pagsasayos ng istrukturang gramatika sa wikang Filipino, gabay sa tamang pagbigkas ng mga salitang Filipino at sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino. na may mean na 4.13, 4.12, 4.10, 4.08, 4.06 at 4.01 ayon sa pagkakasunud-sunod.

Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng kahulugan sa ideya na interesado ang mga guro sa paraan kung paano ginagamit at nakikipag-ugnayan ang mga kabataan sa social media. Alam ng mga guro na marami sa kanilang mga estudyante ang regular na sumasali sa iba't ibang mga plataporma ng social media kung saan maaari silang makisali sa personalisasyon, komunikasyon, kolaborasyon, at pakikisangkot—lahat ng mga ito ay katulad ng mga pamamaraan na ginagamit sa pagtuturo ng wika (Ansari & Khan, 2020). Bukod dito, ang paggamit ng social media para sa pag-aaral ng wika ay nagtataguyod ng pakikilahok na sumusuporta sa mga pamamaraang konstruktibista at sosyal na pag-aaral na nagbibigay daan sa mga mag-aaral na makisalamuha, magbahagi ng kaalaman, at magkatutoan (Arquero et al., 2021).

Sa pag-aaral ng mahalagang papel o implekasyon na ginagampanan ng facebook at blog post sa pag-aaral ng wika, ilang komento ng mga estudyante mismo ay nagpapahiwatig na may tatlong pangunahing kategorya kung saan maaaring gamitin ang facebook at blog post sa wika: a) nagbibigay ito ng isang di-pormal na kapaligiran kung saan mas kaunti ang presyon na magsalita; b) pinapayagan nito ang mga estudyante na makapanood ng mga katutubong nagsasalita sa aksyon at inilalantad sila sa wika; c) pinapayagan nito ang mga estudyante na manood at makilahok sa bukas na talakayan tungkol sa mga nakakaengganyong paksa kasama ang mga katutubong nagsasalita habang gumagamit ng angkop na wika; at d) nagbibigay ito ng karagdagang plataporma para sa mga estudyante upang praktisin ang pag-aaral ng wika sa isang tunay na mundo (Smutny & Schreiberova, 2020). Ayon kay Sobaih et al. (2020), ang mga estudyante ay kadalasang natural na gumagamit ng social media bilang isang kaswal na akademikong kasangkapan upang makipagtulungan sa mga kasamahan, magplano ng mga proyektong pang-klase, o magbahagi ng nilalaman ng kurso.

Impluwensiya ng facebook at blog sa Wika

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng datos hinggil sa impluwensiya ng facebook at blog post sa wika ng mga mag aaral ng Senior High School. Ang mga impluwensiyang ito ay nakatulong sap ag-aaral ng wika ng mga mag-aaral ngunit may ilan ding hindi nakatulong.

Talahanayan 2*Impluwensiya ng facebook at blog post sa Wika*

Mga Indikaytor	Weighted Mean	Deskripsyon
1. Pagpapadali ng pag-unawa sa mga salitang Filipino	4.38	NI
2. Pagpapaunlad sa mga detalye ng wikang Filipino mula sa gramatika hanggang sa konteksto ng paggamit nito	4.36	NI
3. Pagaayos sa teknikal na aspeto ng pagsusulat ng wika kagaya ng ispeleng ng mga salita, at iba pa	4.34	NI
4. Paglalagay ng mga tamang ekspresyon upang mas lalong pagandahin ang presentasyon ng wika sa iba't ibang uri ng panitikan kagaya ng maikling kwento, tula, sanaysay, at iba pa	4.32	NI
5. Pagbibigay ng kinang sa mga salitang Filipino na gamit sa iba't ibang uri ng mga sulatin, lalo na ang mga ipinapahayag sa, Facebook, blog.	4.31	NI
6. Mas madaling pagrerebisa sa mga maling nasusulat sa teksto ng wikang Filipino	4.22	NI
7. Paglalagay ng buhay sa mga salitang gamit sa isang talakayan sa Filipino	4.21	NI
8. Pagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga salitang Filipino	4.18	NI
9. Pagpapalalim sa mga sulating Filipino gamit ang mga natututunan sa <i>facebook at blog</i>	4.09	NI
10. Pagsunod sa alituntunin sa pagsulat at pagsasalita ng wikang Filipino ayon sa alituntuning tanggap ng iba't ibang social media	4.03	NI
Kabuonan	4.24	NI

Batayan:

4.50-5.00	Lubos na Impluwensiya	(LI)
3.50-4.49	Nakaka Impluwensiya	(NI)
2.50-3.49	Katamtamang Nakakaimpluwensiya	(KN)
1.50-2.50	Midyu Nakakaimpluwensiya	(KN)
1.00-1.49	Hindi Nakakaimpluwensiya	(HN)

Ang impluwensiya ng facebook at blog post sa wika ay nagpapadali sa pag-unawa sa wikang Filipino na may mean na 4.38 na nangangahulugang nakakaimpluwensiya. Ito ay tumutukoy sa mga estratehiya, pamamaraan, o teknolohiya na tumutulong sa mga indibidwal na mas mabilis at mas epektibo na matutunan at maunawaan ang wikang Filipino. Ito ay maaring mga digital na tools, mga aplikasyon ng edukasyon, mga kurso sa online, o iba pang mga mapagkukunan na nagbibigay ng access sa mga materyales na nakasulat sa Filipino, mga visual aid, interactive na activities, at multimedia.

Ang paggamit ng mga ganitong pamamaraan o teknolohiya ay may malaking implikasyon sa edukasyon at sa komunikasyon. Pinapadali nito ang pag-aaral ng wika para sa mga mag-aaral at hindi katutubong nagsasalita, at nakaka-contribute din sa preservasyon at pagpapalaganap ng wikang Filipino. Gayundin, ang pag-unlad ng mga mapagkukunan na ito ay maaring magbigay ng mas maraming oportunidad para sa mga matututo na mas lalong mapaunlad ang kanilang kakayahan sa wika sa iba't ibang konteksto, tulad ng akademikong mundo, propesyonal na larangan, at personal na buhay.

Tinukoy ang ilang hamon sa pag-unawa ng wikang Filipino at nagmungkahi ng mga potensyal na lugar para sa pagpapabuti na maaring magpadali sa pag-unawa sa wika (Idulog et al., 2023). Ang pag-aaral na ito

ay maaring magbigay ng insight sa mga isyu at solusyon sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa Filipino.

Ang pagpapaunlad sa mga detalye ng wikang Filipino sa gramatika hanggang konteksto ay may mean na 4.36. Isa itong masusing proseso ng pagsisiyasat at pagpapayaman ng mga tuntunin at paggamit ng wika. Ito ay kinabibilangan ng pag-aaral at pagsasaayos ng mga estruktura ng pangungusap (sintaks), pagbuo ng mga salita (mopolohiya), kahulugan ng mga salita at parirala (semantika), at ang paggamit ng wika sa komunikasyon (pragmatika), gayundin ng mga variable na kontekstwal na may kinalaman sa kultura at sosyolinggwistiks.

Ang ganitong pagpapaunlad ay may mahalagang implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto, sa mas epektibong komunikasyon sa loob ng sari-saring konteksto, at sa pangangalaga ng isang buhay na wika na sumasalamin sa identidad at kulturang Pilipino. Nakakatulong ito sa standardisasyon ng wika na mahalaga sa edukasyon, sa paggawa ng batas, at sa iba pang opisyal na gamit. Mahalaga rin ito sa pagtukoy sa mga form ng wika na dapat gamitin sa pormal at di-pormal na mga setting at sa pag-intindi ng kahalagahan ng konteksto sa komunikasyon. Bilang isa sa mga pangunahing pigura sa sociolinguistics sa Pilipinas, ang mga pangunahing paksa ng pag-aaral sa wika at lipunan at ang kanilang mga metodolohiya, na maaaring magbigay linaw (González, 1991).

Samantala ang paglalagay ng mga tamang ekspresyon upang mas lalong pagandahin ang presentasyon ng wika sa iba't ibang uri ng panitikan kagaya ng maikling kwento, tula, sanaysay, at iba pa ay may mean na 4.34. Ang pagpapaunlad sa mga detalye ng wikang Filipino mula sa gramatika hanggang sa konteksto ay tumutukoy sa proseso ng pagsusuri, pag-aayos, at pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa wika na kabilang ang mga panuntunan ng balarila, pagbuo ng mga salita, kahulugan, at ang praktikal na paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon.

Ang mga pagsisikap na ito ay may malalim na implikasyon sa edukasyong linggwistikong, kultural na pagpapatibay, at pambansang pagkakakilanlan. Pinapabuti nito ang komunikasyon at nagbibigay ng solido at unipormadong batayan para sa standardisasyon ng wika na kritikal sa mga opisyal na transaksyon, panitikan, at iba-ibang media. ang komplikadong ugnayan ng gramatika at word order sa Filipino, na isang mahalagang aspeto ng pag-unawa at pagpapaunlad ng wikang Filipino (Pizarro-Guevara & Garcia, 2024).

Iba't ibang impluwensiya pa rin ang ipinapakita ng facebook at blog post sa wika tulad ng paglalagay ng mga tamang ekspresyon upang mas lalong pagandahin ang presentasyon ng wika sa iba't ibang uri ng panitikan kagaya ng maikling kwento, tula, sanaysay, at iba pa, pagbibigay ng kinang sa mga salitang Filipino na gamit sa iba't ibang uri ng mga sulatin, lalo na ang mga ipinapahayag sa, Facebook, blog, mas madaling pagrerebisa sa mga maling nasusulat sa teksto ng wikang Filipino, paglalagay ng buhay sa mga salitang gamit sa isang talakayan sa Filipino, pagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga salitang Filipino, pagpapalalim sa mga sulating Filipino gamit ang mga natututunan sa *facebook at blog*, pagsunod sa alituntunin sa pagsulat at pagsasalita ng wikang Filipino ayon sa alituntuning tanggap ng iba't ibang social media na may mean na 4.32, 4.31, 4.22, 4.21, 4.18, 4.09, at 4.03 ayon sa pagkakasunud-sunod.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang mga facebook at blog post ay lubos na nakakaimpluwensiya. Ito ay nagpapahiwatig na alam ng mga mag-aaral na malaki ang bahaging ginagampanan ng *facebook at blog* sa wika lalo na sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga salitang Filipino, pagpapaunlad sa mga detalye ng wikang Filipino mula sa gramatika hanggang sa konteksto ng paggamit nito, pagaayos sa teknikal na aspeto ng pagsusulat ng wika kagaya ng ispeling ng mga salita, at iba pa, at pagsunod sa alituntunin sa pagsulat at pagsasalita ng wikang Filipino ayon sa alituntuning tanggap ng iba't ibang social media.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang *facebook at blog* ay maaaring maging isang epektibong kasangkapan para sa pag-aaral at pagkatuto sa wika. Binigyang-diin ni Umirov & Seytniyazova (2022) na ang mga mag-aaral ng wika ay maaaring makakuha ng mga kapaki-pakinabang na kasangkapan upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa wika pati na rin makipag-ugnayan sa mga katutubong tagapagsalita sa mga plataporma ng social media upang praktisin ang kanilang kakayahan sa wika. Dagdag pa rito, sinabi ni Al Jahromi (2022) na mula sa isang linggwistikong pananaw, ang dami ng mga linggwistikong output sa social media ay nag-aalok ng maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral ng wika upang maipon ang wika at makakuha ng feedback upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pakikipagtalastasan sa kanilang sariling wika. Ang malayang pagtanggap ng mga bagong termino at ang madalas na paglabag sa mga patakaran ng balarila ay ang lexical normalization kasabay ng linggwistikong kapaligiran ng social media na bumabalot sa domain ng wika. Bagaman iniisip na ang mga plataporma ng social media ay maaaring maging pagmulan ng pagkakamali sa pagbaybay, binigyang-diin ang tanong kung ang akademikong wika ay "ginagawa o sinisira" ng mga social media network, pati na rin ang potensyal na epekto ng sporadic online code-switching at hindi konsistenteng pagbaybay sa pag-aangkin ng wika.

Benepisyo ng facebook at blog sa Wika

Ang mga benepisyo ng *facebook at blog* sa wika ay maaring gamitin upang magbahagi ng impormasyon, magpatawa, magbigay ng inspirasyon, magbigay ng suporta at makipag-ugnayan sa iba.

Daan sa pakikipagpalitan ng kaalaman at kaisipan ng mga mamamayan.

Ito ay tumutukoy sa mga paraan at proseso kung paano ang mga tao sa isang komunidad ay nagpapalitan ng impormasyon, ideya, at pananaw sa isa't isa. Ito ay isang mahalagang aspeto ng lipunan kung saan ang mga mamamayan ay nagkakaroon ng pagkakataon na magbahagi ng kanilang kaalaman at karanasan, magpaliwanag ng kanilang mga opinyon at paniniwala, at magtulungan upang malalimang maunawaan ang mga isyu at hamon na kinakaharap nila bilang isang kolektibong grupo. ang mga mamamayan ay nagkakaroon ng pagkakataon na magtamo ng mas malawak na kaalaman, mapalakas ang kanilang kritisismo at pag-aanalisa, at magtulungan upang mahanap ang mga solusyon sa mga suliranin ng lipunan. Ito ay nagpapakita ng aktibong papel ng mga indibidwal sa pagpapalakas at pagpapaunlad ng kanilang sariling komunidad (Thoumrungroje, 2014)

Binibigyang-halaga ang pagsusuri sa kaligiran at kredibilidad ng mga indibidwal o institusyon na nagbibigay ng impormasyon. Hindi lahat ng awtoridad ay magkakapareho ang antas ng kredibilidad, kaya't mahalaga na suriin kung may sapat na kaalaman at karanasan sila sa paksa. Ang tamang sinabi ng awtoridad ay dapat na sumusuporta sa mga ebidensyang siyang batayan ng paliwanag. Mahalaga na suriin kung ang mga sinasabi ng awtoridad ay may sapat na basehan at hindi lamang base sa opinyon o paniniwala. Ang pagiging mapanuri sa paghahanap ng tamang sinabi ng awtoridad ay nagpapalakas ng kakayahan ng isang tao na diskriminahin ang mga mapanlinlang na impormasyon mula sa mga totoong datos at katotohanan.

Nakapagbibigay ng tamang gamit ng wika ayon sa konteksto na hindi makikita sa libro.

Ang tamang gamit ng wika ayon sa konteksto na hindi laging matatagpuan sa mga libro ay tumutukoy sa kakayahang gamitin ang wika sa paraan na naaangkop sa sitwasyong sosyal o pangkomunikasyon. Halimbawa, ang paggamit ng hindi literal na wika o mga idyoma kung saan ang kahulugan ay hindi direktang mababasa o matutunan mula sa mga libro kundi sa aktwal na karanasan (Katz et al., 2007). Ang implikasyon nito ay malaki, sapagkat ang kakayahang ito ay mahalaga hindi lamang sa pang-araw-araw na interaksyon kundi pati na rin sa akademikong pagsulat at pagbigkas. Ang pag-unawa sa kontekstuwal na gamit ng wika ay nagpapahintulot sa mas epektibong komunikasyon at nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagkonekta sa mga mambabasa o tagapakinig (Labaree, 2009). Bilang isang halimbawa, sa akademikong pagsulat, mahalagang gamitin ang wikang naaayon sa pamantayang akademiko – iwasan ang slang o kolokyal na wika, emotive language, at mga contraction para mapanatili ang formalidad at kredibilidad ng teksto (Labaree, 2009). Sa pag-cite ng mga gawa ng iba, kailangang pumili ng tamang verb para sa konteksto at pagsasaalang-alang sa kung paano ito magpapaapekto sa argumento ng manunulat (Ramoroka, 2014). Ang paggamit ng wika ayon sa konteksto sa loob at labas ng akademikong pagsulat ay mahalaga sa pagpapahayag at sa pagtatayo ng awtoridad sa anumang sinasabi o isinusulat (Yaffe, 2023).

Nagbibigay ng malayang pakikipahayag ng mga mamamayan sa iba't ibang taong nagsasalita ng Filipino.

Ang malayang paghayag ng mga mamamayan sa iba't ibang taong nagsasalita ng Filipino ay nangangahulugang ang kalayaan ng bawat indibidwal sa Pilipinas na ipahayag ang kanilang mga ideya, opinyon, at saloobin gamit ang wikang Filipino. Ito ay isang mahalagang aspeto ng demokratikong lipunan, kung saan pinapahalagahan ang pagpapahayag at pagpapalitan ng impormasyon at pananaw sa wikang nauunawaan at ginagamit ng nakakarami.

Ang kalayaan sa pagpapahayag sa wikang Filipino ay nagbibigay-daan sa mas maraming Pilipino na makilahok sa diskurso ng bansa, maging sa politika, kultura, edukasyon, at iba pang mga mahahalagang usapin. Ito rin ay nagpapatatag sa identidad at pagkakaisa ng mga Pilipino sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kanilang mga rehiyon at kultura. Ang wikang Filipino, bilang isang simbolo ng pambansang pagkakakilanlan, ay nagbibigay rin ng lakas sa mga mamamayan na ipaglaban ang kanilang mga karapatan at interes. (Young,

2002), kung saan tinatalakay ang kahalagahan ng wikang nauunawaan ng mga mag-aaral sa kanilang edukasyon at pagkakakilanlan, na maaaring may parallelismo sa ideya ng malayang pakikipahayag.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, ang *facebook at blog* ay ginagamit ng mga mag-aaral at sila ay kombinsido sa kahalagahan nito sa kanilang pag-aaral ng wika. Sa karagdagan, ang *facebook at blog* ay mayroong mahalagang impluwensiya sa pag-unlad ng wika at pag-aaral ng wika ng mga mag-aaral. Kinilala ng mga mag-aaral ang social media bilang instrumento sa malayang pakikipagtalakayan sa iba't ibang taong gumagamit ng Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay nagmumungkahi gamitin ang *facebook at blog* sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa SHS. Iminumungkahi ng pag-aaral na ito ang integrasyon ng social media sa mga angkop na paksa sa pag-aaral ng wika. Kailangang maalam ang mga guro sa pagpili ng mga paksa kung saan maaaring magamit ang social media.

TALA SANGGUNIAN

- Yousif, N.A. (2023). Social Media and Language Evolution: A Review of Current Theoretical Efforts on Communication and Language Change. *Nasaq Journal*, 39(1), 1-8. https://www.researchgate.net/publication/374368096_Social_Media_and_Language_Evolution_A_Review_of_Current_Theoretical_Efforts_on_Communication_and_Language_Change/link/654886af3fa26f66f4db131a/download?tp=eyJjb250ZXh0Ijp7ImZpcnN0UGFnZSI6InB1YmxpY2F0aW9uIiwicGFnZSI6InB1YmxpY2F0aW9uIn19.
- Laitinen, M., Fatemi, M., & Lundberg, J. (2020). Size Matters: Digital Social Networks and Language Change. *Frontiers in Artificial Intelligence*, 3, 46. <https://doi.org/10.3389/frai.2020.00046>.
- Esteron, M. A. (2021). Different Language Usage on Social Media. *International Journal of Advanced Engineering, Management and Science*, 7(3), 093-104. <https://doi.org/10.22161/ijaems.73.12>.
- Smith, A., & Anderson, M. (2018, March 1). Social Media Use 2018: Demographics and Statistics. <https://web.archive.org/web/20200330125535/https://www.pewresearch.org/internet/2018/03/01/social-media-use-in-2018/>
- Bin-Hady, W.R.A. & Altamimi, N.O.M. (2021). The Use of Technology in Informal English Language Learning: Evidence from Yemeni Undergraduate Students. *Learning and Teaching in Higher Education: Gulf Perspectives*, 17(2), 107-120. <http://dx.doi.org/10.1108/LTHE-09-2020-0037>.
- Ali, J.K.M. & Bin-Hady, W.R.A. (2019). A Study of EFL Students' Attitudes, Motivation and Anxiety towards WhatsApp as a Language Learning Tool. *Arab World English Journal*, Special Issue on Call, 5, 289-298. https://www.researchgate.net/publication/335302949_A_Study_of_EFL_Students'_Attitudes_Motivation_and_Anxiety_towards_WhatsApp_as_a_Language_Learning_Tool.
- Senate of the Philippines. (2018). Hontiveros to CHED: Reexamine Removal of Filipino Subjects in College. https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2018/1119_hontiveros2.asp.
- Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. *PSU Multidisciplinary Research Journal*, 3(1).
- Bensalem, E. (2018). The Impact of WhatsApp on EFL students' Vocabulary Learning
- Ansari, J.A.N. & Khan, N.A. (2020). Exploring the Role of Social Media in Collaborative Learning the New Domain of Learning. *Smart Learning Environments*, 7(1), 1-16. <https://doi.org/10.1186/s40561-020-00118-7>.
- Arquero, J.L., Romero-Frias, E., & Del Barrio-Garcia, S. (2021). The Impact of Flow, Satisfaction and Reputation on Loyalty to MOOCs: The Moderating Role of Extrinsic Motivation. *Technology, Pedagogy and Education*, 1-17. <https://doi.org/10.1080/1475939X.2021.2018031>.
- Smutny, P. & Schreiberova, P. (2020). Chatbots for Learning: A Review of Educational Chatbots for the Facebook Messenger. *Computers and Education*, 151(103862), 1-11. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2020.103862>.
- Sobaih, A.E.E., Hasanein, A.M., & Elnasr, A.E.A. (2020). Responses to COVID-19 in Higher Education: Social Media Usage for Sustaining Formal Academic Communication in Developing Countries. *Sustainability*, 12(16), 1-18. <https://doi.org/10.3390/su12166520>.
- Idulog, M. V., et al. *International Journal of Education and Teaching Zone*, 2023
- González, A., *International journal of the sociology of language*, 1991

Pizarro-Guevara, J. S., at Garcia, R., Annual review of linguistics, 2024

Umirov, S. & Seytniyazova, S. (2022). How Does Using Computer Technologies Affect the Language Learning Process in ESP Classes? Pindus Journal of Culture, Literature, and ELT, 2(4), 17-24. <https://literature.academicjournal.io/index.php/literature/article/view/312>.

Al Jahromi, D. (2020). A Quantitative Study of the Perceived Impact of Social Media Networks on Bahraini Users' English Language Learning. Teaching English with Technology, 20(4), 23-40. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1271906.pdf>.

Thoumrungroje, A. (2014, August 1). The Influence of Social Media Intensity and EWOM on Conspicuous Consumption. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.07.009>

Katz, A. N., Melony Lenhardt, Kirstin R Mitchell, On Acknowledging Thanks for Performing a Favor Metaphor and symbol, 2007

Labaree, R. V., Academic Writing Style - Organizing Your Social Sciences Research Paper - Research Guides at University of Southern California 2009

Ramoroka, B. T., Reading & writing/Reading & writing, 2014

Yuna, D., Xiaokun, L., Jianing, L., & Lu, H. (2022). Cross-Cultural Communication on Social Media: Review from the Perspective of Cultural Psychology and Neuroscience. Front. Psychol., 13(858900), 1-7. Doi: 10.3389/fpsyg.2022.858900.

Young, C., International journal of bilingual education and bilingualism, 2002.

